REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 90-164

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG INGAT-YAMAN, EDUARDO A. ALON, NA IBILI NG GOVERNMENT SECURITIES TULAD NG TREASURY BILLS ANG HALAGANG LABING PITONG MILYON APAT NA RAAN PITUMPU'T ISANG LIBO, ISANG DAAN AT LABING ISANG PISO AT LABING WALONG SENTIMO (₱17,471,111.18) KABAHAGI NG GENERAL FUND MULA SA SEF (80% NG KOLEKSYON) UPANG ANG TUBO NITO AY MAGAMIT NG PAMAHALAANG BAYAN NA PANDAGDAG SA PAGBABAYAD NG "13TH MONTH PAY" NG MGA OPISYALES AT MGA KAWANI.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pamahalaang bayan ay may kabahagi na 80% ng kita ng SEF na nagkakahalaga ng Labing Pitong Milyon, Apat na Daan Pitumpu't Isang Libo, Isang Daan Labing Isang Piso at Labing Walong Sentimos (₱17,471,111.18) mula noong Enero hanggang Agosto, 1990;

SAPAGKAT, ang bibilhing Government securities tulad ng Treasury Bills ay tutubo ng malaki kaysa ilalagak na savings deposit sa bangko;

SAPAGKAT, ang halaga ng tutubuin ay gagamiting pandagdag sa "13th month pay" ng mga opisyales at kawani ng pamahalaan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng Kapasiyahan na binibigyan ng kapangyarihan ang Ingat-Yaman na ibili ng Government Securities tulad ng Treasury Bills ang halagang Labing Pitong Milyon, Apat na Daan Pitumpu't Isang Libo, Isang Daan at Labing Isang Piso at Labing Walong Sentimos (₱17,471,111.18) kabahagi ng Gen. Fund mula sa SEF (80% ng Koleksyon) upang ang tubo nito ay magamit ng Pamahalaang Bayan na Pandagdag sa Pagbabayad ng "13th month pay" ng mga opisyales at mga kawani.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang 126 pangkaraniwang pulong ngayong ika-8 ng Oktubre 1990.

3pto 11/25/91

PINAGTIBAY:

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Rec'd by [illegible] 11/2/90

PINATOTOHANAN:

Mggl. RAUL R. CORRO
Kalihim Pambayan

---

INISPONSOR NG KGG. KONSEHAL NEMESIO O. MOZO

MGA SUMANG-AYON: Kgg. Niefes; Kgg. Joaquin, Kgg. Constantino, Kgg. Mozo, Kgg. Martines, Kgg. Diaz.

HINDI NAKILAHOK: Kgg. Tensuan, Kgg. Bulay, Kgg. Chua